# 1

Pagkabigay sa kanya ng susi ng kuwarto ay nagpatulong si Divina na dalhin ang mga bagahe niya sa loob ng silid. Nang maipasok na ang mga iyon, binigyan niya ng tip ang bellboy bago ito umalis.

"Thank you, Ma'am," nakangiting sabi nito matapos tanggapin iyon saka lumisan.

Isinara niya ang pinto at humakbang patungo sa nakabukas na bintana. Pinagmamasdan niya ang buong paligid sa labas. Maganda ang sikat ng araw. Ang maputing buhangin ng isla ay tila diamante na kumikinang sa ilalim ng sinag ng araw.

Kapansin-pansin ang dami ng mga tao sa paligid. Kapag ganitong araw ng Semana Santa ay maraming turistang dumadayo sa isla ng Camiguin. Balak sana niyang sa Boracay magpunta, subalit na-curious siya sa sinabi ng kaibigan na maganda raw ang lugar na kung tawagin ay 'The Island Born of Fire'.

Nais niyang ma-explore ang isla upang makunan ng pictures ang magagandang tanawin ng lugar. Inayos niya ang mga gamit sa loob ng closet pagkatapos ay naligo siya at nagbihis. Bitbit ang bag, lumabas siya

ng kuwarto at bumaba patungo sa restaurant ng hotel upang kumain. Kumakalam na kasi ang sikmura niya.

Habang kumakain, tumunog ang cellphone ni Divina. Kinuha niya ito mula sa loob ng bag at tiningnan sa screen kung sino ang tumatawag. Ang boyfriend niyang si Anthony ang nasa kabilang linya.

"Hello?"

"Hello, babe! How are you doin'?" tanong nito.

"Hi, babe! Am doin' just fine. What about you?"

"Not good," matamlay na tugon nito.

Bahagya siyang nag-alala. "Why, what happened? Are you sick?" tanong ni Divina.

"Yeah, my heart got sick because it misses you terribly," malambing na sagot ng lalaki.

Kinilig naman siya sa sinabi nito. "Oh, babe… I miss you, too…"

"Where are you right now?"

"I'm here in Camiguin. In fact, kadarating ko lang dito. Kelan nga pala ang uwi mo dito sa Pilipinas?"

"Wala pa kasing binibigay na exact date si Boss kung kelan kami uuwi. Matatagalan pa siguro

kami dito sa Dubai dahil sa business conference na ginaganap dito."

"Gan'un ba? Basta mag-iingat ka lagi diyan, ha?"

"Don't worry, I'll take care of myself just for you," malambing na sabi ni Anthony. "Ano nga pala ginagawa mo ngayon?"

"Heto, kumakain sa restaurant."

"Ikaw lang bang mag-isa o may kasama kang iba?" anito na tila may pagdududa.

"Babe…"

"I know, I know… I'm sorry. I just can't help it. I love you too much that I couldn't help myself from getting jealous," pag-amin ng nobyo.

"And I love you too, okay?"

"How I wish we can get married soon," tila naiinip na saad ni Anthony.

"Don't worry, babe, darating din naman ang time na 'yon eh," pang-aalo niya. Napasulyap siya sa singsing na nasa kanyang daliri.

"Yeah, I know… Okay. I gotta go. I'll call you again later, all right?"

"Okay, 'bye!"

"'Bye, babe! I love you!"

"Love you too, 'bye!" paalam niya saka pinindot ang end call button ng cellphone.

Inubos na ni Divina ang kanyang pagkain. Lumabas na siya ng restaurant matapos mabayaran ang bill. Dumerecho siya sa labas ng hotel at namili ng mga lanzones sa fruit stand malapit dito.

Pabalik na siya ng hotel nang may nakabungguan siyang payat na lalaki. Hindi siya nito napansin dahil lumilingon ito sa likuran habang mabilis na naglalakad. Sa lakas ng pagkakabunggo ay tumilapon lahat sa lupa ang mga lanzones na binili niya.

"Sorry, Miss," hinging-paumanhin nito saka dali-daling dinampot ang mga lanzones sa lupa at isinilid sa loob ng supot.

Sa di-kalayuan, natanaw ni Divina na may tatlong lalaki na tumatakbo patungo sa kinaroroonan nila. Nang muling lumingon ang payat na lalaki, nakita nito ang tatlo na paparating. Kumaripas ito ng takbo bago pa man nito maipasok lahat sa supot ang mga lanzones.

"Hoy!" sigaw ng isa sa tatlong lalaki.

Subalit natanaw niyang hindi tumigil sa pagtakbo ang payat na lalaki kaya mabilis na tumakbo ang dalawa upang habulin ito. Ngunit ang isa tatlo ay binagalan ang pagtakbo at mataman siyang tiningnan bago lumampas sa kinatatayuan niya. Bahagya siyang kinabahan, kinilabutan siya dahil sa ginawa nito.

*Ano ba ang nangyari?* tanong niya sa isip. *Sino kaya ang mga taong 'yon? Bakit kaya nila hinahabol ang payat na 'yon?*

Dali-dali niyang dinampot ang supot at mabilis na naglakad pabalik ng hotel.

---

Pagdating ni Divina sa kanyang silid sa hotel, kaagad niyang ini-lock ang pinto at nagmamadaling kumuha ng tubig sa mini-kitchen. Bahagya pang nanginginig ang kanyang mga tuhod habang umiinom ng tubig.

Pagkatapos ay huminga siya nang malalim at lumakad patungo sa mahabang sofa. Pasalampak siyang naupo roon at napatitig sa kisame. Rumerehistro pa rin sa isipan niya ang mukha ng lalaki na tumitig sa kanya kanina. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit nakaramdam siya ng takot dito.

Humugot siya ng sunod-sunod na hininga. Pilit

niyang kinakalma ang sarili. Ilang minuto rin ang nakalipas, humupa na ang kabog sa kanyang dibdib.

Bahagya pa siyang nagitla nang biglang tumunog ang cellphone niya. Kinuha niya ito mula sa loob ng bag at sinagot. Ang kanyang kaibigang si Sally ang nasa kabilang linya. Sa kabila ng kaba ng naramdaman ni Divina kanina ay masayang nakipag-usap siya rito.

Pagkatapos nilang mag-usap ni Sally, saglit siyang nag-isip. Dumukot siya ng lanzones sa loob ng supot nang may nakapa siyang tila matigas na bagay. Bahagya siyang nagtaka. Sinilip niya sa loob kung ano iyon.

Kumunot ang kanyang noo nang makita niya ang isang digital camera roon. Kinuha niya iyon. Laking pagtataka niya kung paano iyon napunta sa loob ng supot.

*Kanino kaya 'to?* naisip niya.

Binuksan niya ito at tiningnan ang mga larawang naka-save doon. Iba't ibang pictures ang nakikita ni Divina. Nanlaki ang mga kanyang mata nang makita niya sa larawan ang mukha ng lalaking nakabunggo sa kanya kanina.

*Sa kanya kaya ang camerang 'to?*

Habang bina-browse niya ang lahat ng mga pictures, nagulat siya nang may nakita siyang iilang larawan ng anim na lalaking nagtapon ng tila bangkay ng isang babae na hubo't hubad sa damuhan. Bigla siyang kinilabutan sa nakita. Nanlamig siyang tila binuhusan ng malamig na tubig sa buong katawan. Unti-unting umahon ang takot sa kanyang dibdib.

Kaagad niyang inilapag sa ibabaw ng mesita ang camera at tumayo. Kinakabahan si Divina habang palakad-lakad sa loob ng kanyang silid.

*Ano kaya ang ibig sabihin ng mga larawan na 'yon? Sino kaya ang mga taong 'yon? At ang bangkay…?* Parang aatakehin yata siya ng nerbyos sa mga nakita niyang larawan.

Muli siyang kumuha ng tubig at uminom. Saglit siyang natigilan nang bigla siyang may naalala. Nagmamadali siyang bumalik sa sofa at dinampot ang camera. Muli niyang tiningnan ang mga larawan. Pinindot niya ang zoom at malinaw niyang nakita ang mga mukha ng anim na lalaki.

Lalong nanlaki ang mga mata ng dalaga nang mamukhaan niya ang isa sa anim na lalaki. Ang lalaking iyon! Ito ang tumitig sa kanya kanina habang hinahabol nito at ng mga kasama ang payat na lalaking kumaripas ng takbo.

Bigla siyang nilukob ng takot. Nanginginig ang kanyang mga tuhod. Pakiramdam ng dalaga ay hihimatayin siya sa sobrang takot.

*Ano ang gagawin ko? Diyos ko, ano ba itong napasukan kong gulo? Sana naman ay walang nakakaalam na nasa akin ang camera na 'to.*

Umaasa siyang sana ay hindi siya nakilala ng estrangherong tumingin sa kanya kanina upang hindi nito maisip na sa kanya napunta ang camera. Dahil kapag nagkataon na malaman ng mga ito na hawak niya ang camera, tiyak na malalagay sa peligro ang kanyang buhay.

Humakbang si Divina patungo sa nakabukas na bintana. Nag-isip siya nang malalim kung anong hakbang ang dapat niyang gawin. Parang gusto niyang umiyak ngunit wala namang luhang lumalabas sa kanyang mga mata.

Naisip niyang i-surrender sa mga pulis ang camera upang mabigyan ng hustisya ang biktima. Pero sa paanong paraan na hindi siya matutukoy bilang witness upang makaiwas siya sa gulo?

"Diyos ko tulungan N'yo po ako!" usal ng dalaga.

Buong magdamag siyang hindi nakatulog. Balisang-balisa ang isipan niya sa kung ano ang dapat niyang gawin. Bago pa man sumikat ang araw ay nakapagdesisyon na si Divina na i-turn over na lamang sa mga pulis ang camera upang mapag-aralan ng mga ito ang mga hakbang para sa kaso.

Pagkakain ng agahan, naghahanda na siya para sa pagpunta niya sa istasyon ng pulisya. Kinuha niya ang camera sa loob ng drawer at muling tiningnan ang mga larawan doon. Bigla niyang naisip na gumawa ng kopya, subalit hindi niya dala ang laptop niya.

Naalala ni Divina ang kanyang cellphone na nasa loob ng purse. Kinuha niya ito at kinuhanan ng pictures ang mga larawan mula sa camera saka ini-store sa image gallery. Nang matapos ay naligo na siya at nagbihis.

Nagsuot siya ng tight-fitting jeans at puting blouse. Isinuot niya ang itim na leather boots at isiniksik niya sa gilid ang cellphone niya. Inilagay niya sa loob ng bag ang digital camera, nagsuot ng shades at lumabas ng silid.

Sa information area, tinanong niya ang receptionist kung saan ang pinakamalapit na police station. Isinulat nito ang address sa isang maliit na papel saka ibinigay sa kanya.

# 2

Pagkalabas niya ng hotel, kaagad siyang nag-abang ng taxi na masasakyan. Sa tapat ng hotel ay may napansin siyang lalaki na nakatayo habang may kausap sa cellphone. Nakatitig ito sa kanya. Lumakad siya patungo sa bandang unahan ng hotel at pinakiramdaman ang kilos ng estranghero.

Bahagya siyang lumingon na kunwari ay tinitingnan kung may taxi na paparating. Nahalata niyang sinusundan siya ng lalaki kahit medyo malayo ang distansya nito sa kanya.

*Hindi kaya't minamanmanan niya ako?* kinakabahang tanong ni Divina sa sarili.

Nang may paparating na taxi, kaagad niya itong pinara saka nagmamadaling sumakay. Nagpahatid siya sa driver doon sa address na ibinigay sa kanya ng receptionist. Mabilis pa rin ang kabog ng kanyang dibdib. Nanlalamig ang mga kamay niya at bahagya pang nanginginig ang kanyang mga tuhod.

Hindi pa man sila nakakarating sa paroroonan nila, nagulat na lamang siya nang biglang huminto ang taxi.

"Mama, bakit ho?" takang-tanong niya sa driver.

"Ma'am, may sasakyan pong biglang humarang sa daraanan natin," sabi nito.

"Ho?" Napatingin siya sa sasakyang tinutukoy nito. Isang itim na *Ford Explorer* ang nakaharang sa daan. Napatingin si Divina sa kanilang likuran. Walang ibang sasakyang nakasunod sa kanila.

Nang muli siyang tumingin sa harapan, nakita niya ang dalawang lalaki na bumaba mula sa SUV at lumapit sa taxi. Parehong nakasuot ng bonnet ang dalawa. Naglabas ng baril ang isa at itinutok sa taxi driver. Nanlaki ang mga mata ng dalaga at lalo siyang kinabahan. Unti-unting umahon ang takot sa kanyang dibdib.

Mabilis na sumakay sa loob ng taxi ang dalawa. Ang isa ay naupo sa front seat, samantalang ang isa ay umupo sa tabi niya sa backseat. Umurong siya ng upo ngunit biglang natigilan nang tinutukan siya nito ng baril. Bigla siyang pinagpawisan nang malamig.

"Relax, Miss," sabi nito.

"Brod, larga!" utos ng lalaking katabi ng driver.

Muling pinatakbo ng driver ang taxi. Naunang umalis ang *Explorer* na unang sinakyan ng dalawa.

"Sir, *malooy intawon mo nako, sir, wala man ko'y sala ninyo*," pagmamakaawa nito.

"*Ayaw kabalaka,* brod, *kini lang si* Miss Beautiful *ang among tuyo*," sabi ng lalaking nasa harapan pagkatapos ay lumingon sa kanya.

Bagaman hindi niya naiintindian ang mga sinasabi ng mga ito, nararamdaman niyang nasa matinding panganib siya.

"Sino ho ba kayo? A-ano'ng kailangan n'yo?" kinakabahang tanong ni Divina. Naiiyak na siya sa sobrang takot.

"*Oi*, bok, *tagalong man diay ni si* Miss Beautiful," sabi ng lalaking katabi niya.

Tumawa nang malakas ang kasama nito. "Aw, *ilabas ng imong usa ka platong tagalong diha doy!*" tumatawang sabi nito.

Humagalpak ng tawa ang katabi niya, pagkatapos ay tumikhim ito nang malakas. Umayos ito ng upo paharap sa kanya.

"Alam mo, Miss, mayroon kaming gustong kunin mula sa 'yo. Isang mahalagang bagay," sabi nito.

"Ano'ng ibig n'yong sabihin?" kinakabahang tanong niya.

"Alam naming na nasa iyo ang hinahanap naming camera," sagot nito.

"W-wala akong alam sa sinasabi n'yo," kaila niya.

"Miss, alam mo, napakaimportante ng bagay na 'yon sa boss namin."

"Hindi ko alam ang ibig n'yong sabihin."

"Alam naming sa 'yo iniwan ni Mark ang camera niya."

"M-Mark? Sinong Mark? Hindi ko kilala ang tinutukoy n'yo."

"'Yong lalaking hinahabol namin kahapon na nakabunggo sa 'yo, " paliwanag nito.

Lalo siyang nilukob ng takot. ""A-ano'ng—"

"Miss, 'wag ka nang magkaila dahil nakita kita," sabi nito.

Nanlamig siya sa sobrang takot. *Ibig sabihin, sila 'yong mga lalaking humahabol sa payat na lalaki kahapon?*

"Miss, huwag kang matakot. Hindi kami nananakit ng magandang babae lalo na sa isang katulad mo na mala-diyosa ang kagandahan. Basta ibigay mo lang sa amin ang hinihingi namin," pahayag nito.

“P-pero…” Hindi niya alam ang gagawin. Napahigpit ang hawak niya sa kanyang bag. *Ibibigay ba ko ang camera?* Naguguluhan siya.

“Sige na, Miss, ibigay mo na sa ’kin ang camera,” utos nito.

“P-pakawalan n’yo ba ako?”

“Siyempre.” Nakangiti ang mga matang nakatitig sa kanya.

“Pangako?” paniniyak ni Divina.

Tumango ito. Binuksan niya ang kanyang bag at kinuha sa loob ang camera.

“H-heto.” Halos nanginginig pa ang kamay niya habang iniaabot dito ang camera.

Tinanggap ito ng lalaki. “Salamat, Miss. Ang bait mo pala,”

Nag-angat ito ng kamay at malisyosong hinaplos ang kanyang pisngi.

Bahagya niyang inilayo ang mukha. Pakiramdam niya ay kinikilabutan siya.

“Napakaganda mo talaga. May boypren ka na?” tanong nito.

“Nangako kang pakakawalan mo ’ko!” paalala ng dalaga. Hindi na niya napigilan ang sarili na umiyak.

“Teka, sinabi ko ba?” sabi nito at kunwa’y nag-iisip pa. “Hoy, bok, nasabi ko bang pakakawala ko siya?” tanong nito sa kasama na nasa harapan.

Tumawa lamang ito. “*Ay ambot nimo diha!*”

Lalong napaiyak si Divina. “Please naman, o, pakawalan n’yo na ako tutal nakuha n’yo ang pakay ninyo, di ba?” pagmamakaawa niya.

“Sorry, Miss, pero hindi puwede,” sabi nito.

“Pero bakit? Ano pa ba ang kailangan n’yo sa ’kin?” histeryang tanong niya.

Ngunit hindi sumagot ang kausap. Sa halip ay tumawa lamang ito. Gumuhit sa mga mata ng estranghero ang pagnanasa.

---

Pulos kakahuyan ang dinadaanan ng taxi na sinasakyan nila. Wala nang nakikitang bahay sa tabi ng kalsada. Lalong tumindi ang takot na nararamdaman ni Divina.

Mayamaya ay inutusan ng lalaking nasa harapan ang driver ng taxi na huminto. Bumaba ang lalaki

at umikot sa driver seat. Pinababa nito ang driver at pinalakad nang ilang hakbang saka walang habas na pinagbabaril. Napasigaw si Divina nang malakas. Ang buong katawan niya ay ninerbyos na sa takot.

Muling sumakay ang lalaki. Bago pa man nito napatakbo ang taxi, malakas niyang hinampas ng bag ang mukha ng katabi. Mabilis niyang binuksan ang pinto at tumakbo papalayo.

Sumuot siya sa kakahuyan. Napatili siya nang barilin siya ng mga ito.

Mabuti na lamang at sa puno tumama ang mga bala at hindi sa kanya. Lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Hindi niya iniinda ang kapal ng mga nagtataasang damo sa paligid. Kahit pulos sugat-sugat na ang mga braso niya dulot ng mga damo at tuyong sanga, hindi pa rin siya tumigil sa pagtakbo.

Naramdaman niyang patuloy pa rin sa paghabol sa kanya ang dalawa, kaya mas lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Natitiyak niyang hindi siya bubuhayin ng mga ito kapag inabutan siya.

Pababa na ang lupang tinatahak ni Divina. Nang dumulas ang boots na suot niya ay dumausdos siya pababa hanggang sa nagpagulong-gulong siya sa lupa. Halos panawan siya ng ulirat.

Napahiyaw si Divina sa sakit nang humampas ang katawan niya sa puno ng saging. Napaiyak siya sa sobrang sakit. Dahan-dahan siyang bumangon. Kailangan niyang tumayo dahil tiyak na maaabutan siya ng mga lalaking humahabol sa kanya.

"*Tua ra siya doy!*" dinig niyang sigaw ng isa.

Napatingala siya sa itaas ng bangin. Nakita niyang nasundan pa rin siya ng mga ito at nagmadadaling bumaba. Wala na ang bonnet sa mga ulo ng dalawa.

"Oh God!" umiiyak na sabi ng dalaga. Muli siyang tumakbo. Kahit masakit ang katawan niya ay pinipilit pa rin niyang makatakbo nang mabilis. Ngunit natisod ang paa niya sa malaking bato kaya napadapa siya sa lupa.

Bago pa man siya muling makabangon, inabutan na siya ng dalawa. Hinawakan siya ng isa nang mahigpit sa braso at marahas na itinayo. Napasigaw siya nang malakas. Pakiramdam niya ay mababali ang buto niya sa braso.

"Bitiwan mo 'ko!" sigaw ni Divina.

"Akala mo ba talaga makakatakas ka?" nakangising sabi ng lalaki.

"Pinagod mo kami, 'day," sabi ng kasama nito.

"Para kang kabayo, ang bilis mong tumakbo." Halos humihingal pa ito sa pagod.

"Parang awa n'yo na, pakawalan n'yo ko!" pagmamakaawa niya.

Subalit ngumisi lamang ang mga ito at hinagod ng malisyosong tingin sa buong katawan niya. Lalo siyang nasindak nang mamukhaan niya ang lalaking nakahawak sa braso niya. Ito ang tumitig sa kanya nang nakaraang araw. Hindi niya makalimutan ang mukha nitong pulos taghiyawat at ang malaking nunal nito sa kanang pisngi.

"Pasensya na, Miss, pero hindi puwede," anito.

"Tsk, tsk, tsk! Tingnan mo, nasugatan tuloy ang makinis mong kutis," sabi ng isa pa. "*Unsa may buhaton nato sa iya doy*?"

"*Hain may maayo* kung mag-enjoy *usa ta*?" nakangising tugon ng lalaking pulos taghiyawat ang mukha.

Lalong lumuwang ang ngisi ng kasama nito.

"*Kana doy, kay morag dugay-dugay na ra* ba kong wala ka *tilaw og* mestisa *da*."

"Siguradong napakasarap ng isang 'to," sabi ng lalaki.

“Bitiwan mo ’ko, hayop ka!” galit na sigaw ni Divina. Pinipilit niyang makawala sa mahigpit na pagkakahawak nito sa braso niya.

“Mamaya na, Miss, pagkatapos nating mag-enjoy,” nakangising sabi ng lalaki.

Niyakap siya ng kasama nito sa likuran at pilit siyang pinahihiga sa lupa. Nagsisigaw ang dalaga. Pinilit niyang manlaban. Humihingi siya ng saklolo habang nagpupumiglas upang makawala.

“Miss, kahit maubusan ka ng boses sa kasisigaw ay walang makakarinig sa ’yo. At kung meron man, walang mangangahas na lumapit upang tumulong,” mayabang na bigkas ng lalaki.

Hinawakan nito ang mga paa niyang pumapadyak at malakas na sinuntok ang kanyang mga hita. Napasigaw siya sa sakit.

“Mga hayop kayo!” umiiyak na sigaw ni Divina.

Ngunit tumawa lamang ang mga ito. Bakas sa mga mata ng lalaki ang matinding pagnanasa habang hinahagod ng tingin ang katawan niya. Para itong hayop na hayok sa laman habang inuumpisahang kalasin ang butones ng pantalon niya.

Patuloy pa rin siya sa pagsisisigaw, humihingi ng

saklolo. Baka sakaling may makakarinig sa kanya at tulungan siya. Bago pa man tuluyang maibaba ng lalaki ang zipper ng pantalon niya, umungol sa sakit ang kasama nitong nakayakap sa likuran niya.

Nakita niyang nanlaki ang mga mata nito at biglang bumunot ng baril. Naramdaman niyang lumuwag ang pagkakayakap sa kanya ng isa pang lalaki. Nabigla na lamang si Divina nang bumagsak ito sa lupa. Nakita niyang may panang tumagos sa ulo nito at duguan na ito.

Nanghilakbot siya sa takot, lalo siyang napasigaw. Hindi niya alam ang gagawin. Pinaputukan ng lalaki ang buong paligid, nagbabakasakaling matamaan ang taong pumatay sa kasama nito. Ilang segundo lang ay may tumamang pana sa braso nitong may hawak na baril.

Napahiyaw ito sa sakit. Nabitiwan nito ang sandata at umakmang tatakbo. Subalit may isang pana pang lumipad at tumama sa hita nito. Lalo itong napahiyaw sa sakit. Gayunpaman, nagpupumilit pa rin itong makatakbo papalayo, subalit muli itong tinamaan ng pana at sa mismong ulo nito tumagos iyon. Bumagsak ito sa lupa at  wala nang buhay.

Pakiramdam ni Divina ay aatakehin na siya sa nerbyos. Nilukob na ng matinding takot ang buo

niyang katawan. Nanginginig siya. Ang mga tuhod niya ay parang baldado na't hindi niya magawang ikilos. Natatakot siyang baka ito na rin ang magiging katapusan niya.

Nilinga ni Divina ang buong paligid. Wala siyang nakikitang tao maliban sa dalawang lalaking nakahandusay sa lupa. Pinipilit pa rin niyang makatayo, subalit tila namamanhid ang mga hita niya.

"Oh, Christ!" umiiyak na usal niya.

Nagulat na lamang ang dalaga nang may isang lalaking lumabas mula sa likod ng malaking puno at humakbang palapit sa kanya. Lalong siyang nanghilakbot sa takot. Pakiramdam niya ay dumidilim na ang kanyang paningin.

"Ayos ka lang ba, Miss?" tanong nito sa malalim na boses.

Ngunit bago pa man ito tuluyang makalapit sa kanya ay pinanawan na siya ng ulirat.

---

Mabilis na binuhat ni Lawrence ang nawalan ng malay na babae. Kaagad niya itong dinala sa kinaroroonan ng kabayo niyang si Moley. Maingat

niyang isinampa sa likod ng hayop ang babae saka siya sumunod na sumampa. Pinatakbo niya nang mabilis ang kabayo pauwi sa bahay niya.

Kailangang makalayo sila sa lugar na iyon bago pa may makakita sa kanila roon. Alam niyang malaking problema ang pinasok niya, subalit hindi niya kayang tiisin ang babae na humihingi ng tulong.

Pagdating sa bahay, kaagad niyang tinawag ang katiwala niyang si Mang Usting.

"'Dong Lawrence, bakit?" tanong nito nang makalapit sa kanya. Bahagya pa itong nagulat nang makita ang babaeng may mga sugat sa braso. "Teka, sino ba 'yang kasama mo? Bakit parang walang malay 'yan?"

"Mamaya ka na magtanong, Mang Usting, tulungan mo muna ako. Hawakan mo si Moley, baka gumalaw at malaglag siya," utos nito.

Hinawakan nito ang renda ng kabayo habang maingat niyang ibinaba ang babae at binuhat papasok sa loob ng bahay. Wala pa rin itong malay habang inilalapag niya sa ibabaw ng kama.

Kumuha si Lawrence ng maligamgam na tubig mula sa banyo at pinunasan ng bimpo ang mga braso ng estranghera. Pulos sugat at putik ang mga

braso nito. Maging ang magandang mukha nito ay nagasgasan din.

Pinunasan niya nang marahan ang mga sugat nito. Nang matapos ay kumuha siya ng *Betadine* at alcohol sa medicine cabinet na nasa loob ng banyo. Nilagyan niya ng gamot ang mga sugat nito.

Hindi pa rin ito gumising. Hinubad niya ang suot nitong boots. Bahagya pa siyang nagulat nang may nalaglag na cellphone mula sa loob niyon. Dinampot niya iyon mula sa sahig at tiningnan. Mabuti na lang at hindi iyon nasira nang bumagsak sa lapag.

“Bakit kaya dito niya naisipang ilagay ang cellphone niya?” takang tanong ni Lawrence sa sarili.

Inilagay niya sa isang tabi ang dalawang boots at muling binalingan ang wala pa ring malay na babae. Nakita niyang pulos putik ang damit nito. Nagdadalawang-isip siyang hubaran ito, ngunit naisip niyang baka lalong ma-infect ang sugat nito kung hindi niya tatanggalin ang marumi nitong suot.

Huminga muna siya nang malalim bago inumpisahang tanggalin ang pang-itaas ni Lawrence. Halos napalunok siya nang tumambad sa kanya ang perfect ang mga dibdib ng babae. Lalong lumutang ang mala-porselana nitong balat sa suot nitong lace

maroon brassiere.

Sunod niyang hinubad ang pantalon nitong bahagya nang nakabukas dahil sa pagtangkang gahasain ito ng dalawang lalaki kanina. Nang tuluyan niyang mahubad iyon, dali-dali niyang tinakpan ng kumot ang buo nitong katawan. Pakiramdam kasi ni Lawrence ay naninikip bigla ang suot niyang pantalon at tila nag-iinit ang buo niyang katawan.

---

"'Dong Lawrence, kumusta na 'yong babae? Bakit wala siyang malay? Ano ba ang nangyari? Kakilala mo ba siya?" sunod-sunod na tanong ni Mang Usting nang makalabas na ng silid ang binata.

Umupo siya sa kalapit na sofa at isinalaysay sa matanda ang buong pangyayari.

"Hesusmaryosep!" bulalas nito. "Paano na 'yan? Kilala mo ba ang mga taong 'yon?" nag-aalalang tanong nito.

"Mga tauhan sila ni Travis, Mang Usting."

"Si Travis? Ang kilalang pinuno ng sindikato dito sa isla?" gulat na paniniguro nito.

Tumango lamang siya.

“Diyos ko! Paano na ngayon ’yan? Natitiyak kong malalaman din nilang ikaw ang pumatay d’un sa dalawang tauhan nila. Sana’y hindi mo na lang ginamit ang mga pana mo dahil alam mo namang ikaw lang ang kilalang mahusay na gumamit ng pana dito sa isla.”

Bumuntong-hininga si Lawrence. “Huwag po kayong mag-alala, Mang Usting, nakahanda po akong harapin sila anumang oras,” kampanteng sagot niya.

“Eh, ano’ng balak mo ngayon?” tanong nito.

“Pansamantala’y dito muna siya. Mas ligtas siya kung mananatili muna siya rito,” sagot ng binata.

Hindi na muling nagsalita pa ang matanda.

# 3

Nagkamalay na si Divina at natagpuan niyang nasa loob siya ng di-pamilyar na silid. Buong pagtatakang iginala niya ang mga mata sa buong paligid.

"Nasaan ako? Paano ako napunta rito?" naguguluhang tanong niya sa sarili.

Dahan-dahan siyang bumangon. Bahagya pa siyang napangiwi sa sakit nang maramdaman niya ang kirot mula sa mga sugat niya. Nanlaki ang kanyang mga mata nang mapansing wala na siyang suot na damit. Tanging ternong underwear lamang ang naiwang saplot sa kanyang katawan.

Kinabahan si Divina. Napahigpit ang hawak niya sa kumot na nakatakip sa kanyang kabuuan. *Sino kaya ang nagtanggal ng mga damit ko?* naisip niya.

Dahil nanlalambot pa ang mga tuhod at hita niya, dahan-dahan siyang bumaba ng kama. Binalot niya nang maigi ang sarili sa kumot. Hinanap niya sa buong silid ang kanyang mga damit subalit wala ang mga iyon.

"Nasaan na ang mga damit ko?" tanong niya sa sarili.

Mayamaya ay biglang bumukas ang pinto. Napapitlag si Divina sa kanyang kinatatayuan. Nakita niyang iniluwa ng pinto ang isang matangkad na lalaki. Abot hanggang balikat ang nakalugay nitong kulot at itim na buhok. Pinagmasdan niya ang facial features nito; matangos ang ilong, makapal ang mga kilay, medyo malalim ang mga mata, manipis ang mga labi, de-kanto ang mukha, at malalim ang cleft chin sa baba.

Bakat ang matipuno nitong pangangatawan sa suot nitong puting shirt at maong na pantalon. Bigla niyang naalala ang lalaking lumapit sa kanya kanina; hindi lamang niya matiyak kung ito nga ang lalaking iyon dahil pinanawan na siya ng ulirat bago pa man niya ito makilala.

Bahagyang nagulat ang estranghero nang makita siyang nakatayo sa gitna ng silid.

"Dapat hindi ka muna bumangon dahil baka mabinat ka," sabi nito. Kababakasan ng pag-aalala ang boses ng estranghero.

Humakbang ito papasok sa loob. Inilapag nito sa ibabaw ng side table ang dala nitong tray na may lamang pagkain. Bahagya siyang napaatras mula sa kinatatayuan niya. Lalong napahigpit ang hawak niya sa kumot na nakabalot sa kanya.

"Huwag kang mag-alala, wala akong balak na masama sa 'yo. Dahil kung meron man, kanina ko pa sana ginawa habang wala ka pang malay," pahayag nito.

"Sino ka? Paano ako napunta rito?" kinakabahang usisa ni Divina.

Tumitig ito sa kanya. Pakiramdam niya ay para siyang mantikilya na natutunaw dahil sa mga titig nito.

"Ako si Lawrence. Bigla kang nawalan ng malay kanina bago pa man kita nalapitan. Dinala kita rito sa pamamahay ko."

"I-ibig sabihin ikaw 'yong nagligtas sa 'kin kanina?"

"Oo. Kilala mo ba ang mga lalaking 'yon?" tanong nito sa malalim na boses.

Umiling-iling ang dalaga.

"Turista ka ba rito sa isla?"

Tumango lamang siya. Hindi na rin ito muli nagtanong.

"Dinalhan kita ng pagkain. Kumain ka muna habang mainit pa para mainitan 'yang sikmura mo.

Nagdala rin ako ng mga gamot para mainom mo. Pagkatapos mong kumain ay inumin mo ang mga 'yan para mabilis ang paghilom ng mga sugat mo." Tumalikod na ito at akmang lalabas na ng silid.

"Wait! S-sino nga pala ang nagtanggal ng mga damit ko?"

Tumigil ito sa paghakbang at bumaling ng tingin sa kanya. "Ako," maiksing sagot ng estranghero.

Bahagya siyang napasinghap. Biglang nag-init ang kanyang mga pisngi.

"I-ikaw? I-ibig sabihin…"

"I had no choice. Puro putik ang damit mo. At isa pa, wala akong ibang kasama na maaaring mag-asikaso at gumamot ng mga sugat mo. Hindi ko rin mahahayaang si Mang Usting ang maghubad sa 'yo dahil baka atakehin siya sa puso," paliwanag ng lalaki. Saglit na gumuhit ang ngiti nito sa mga labi.

Lalo nag-init ang mga pisngi ni Divina. Natitiyak niyang nakita ng lalaki ang hubad niyang katawan. Nagbaba siya ng paningin dahil nakaramdam siya ng pagkapahiya.

"Huwag kang mag-alala, wala naman akong nakita. Nakapikit ako habang hinuhubaran kita."

Nanlaki ang mga mata ni Divina sa sinabi nito. Muling siyang napatitig dito. Nais niya sanang magsalita, ngunit tila nakakulong sa lalamunan niya ang kanyang boses.

"Nasa labas lang ako. Call me if you need something," sabi nito saka tuluyang lumabas ng silid.

Naiwan siyang tila itinirik na kandila sa sahig. Magkahalong hiya at tuwa ang nararamdaman niya sa mga oras na iyon. Hindi niya lubos akalain na mabubuhay pa siya pagkatapos ng lahat ng nangyari. Nahihiya siya dahil na-expose ang katawan niya sa isang lalaki na ngayon lamang niya nakilala.

Naghanap si Divina ng damit na maisusuot sa loob ng closet, ngunit pulos damit-panlalaki ang naroroon. May nakita siyang pulang muscle shirt na nakasabit sa hanger. Iyon ang pinili niyang isuot.

Nang maisuot ang damit na tiyak niyang si Lawrence ang nagmamay-ari, kumain na siya at ininom ang gamot. Mayamaya ay naalala niya ang cellphone niya.

*Hindi kaya nalaglag ang cellphone ko?* nag-aalalang tanong niya sa isip.

Tumayo si Divina at hinanap ang boots niya. Nakita niya ito sa sulok ng silid. Dali-dali niyang

tiningnan sa loob kung naroon pa ang cellphone niya ngunit wala na ito roon. Malungkot siyang napaupo sa sahig.

Nakaramdam si Divina ng malaking panghihinayang lalo na't nandoon ang kopya ng ebidensya na kinuha niya mula sa camera. Muli niyang naalala ang dalawang lalaki na dumukot sa kanya kanina. Bigla siyang kinilabutan. Paano na lang kung hindi siya natulungan ni Lawrence? Malamang malamig na bangkay na siya ngayon.

Hindi niya napigilang mapaiyak. Mabuti na lang at may awa ang Diyos dahil hindi siya Nito pinababayaan. Ang problema na lamang niya ngayon ay kung paano kontakin si Sally at si Anthony. Wala na siyang pera dahil naroon lahat sa loob ng bag niya na naiwan sa taxi.

"Ano ang gagawin ko?" malungkot na usal ni Divina.

---

Maghapon siyang nanatili sa loob ng silid. Nagpahinga lamang siya hanggang sa umabot ang takip-silim. Hindi pa man siya nakabangon mula sa kama ay pumasok sa loob si Lawrence. Bahagya siyang nakaramdam ng pagkailang nang muli itong

makita.

Tumikhim muna ito bago nagsalita.

“Kumusta ka na?” masuyong tanong nito.

“A-ayos lang,” sagot niya nang hindi makatingin dito nang derecho.

“Nagugutom ka na ba?”

Umiling si Divina. “Hindi pa naman.”

Lumapit ito sa gilid ng kama at umupo malapit sa tabi niya. Umurong siya nang kaunti.

“Pasensya ka na kanina,” sabi nito. Bagaman hindi niya alam kung bakit humihingi ito ng pasensya, hindi na rin siya nagtanong.

“M-maraming salamat nga pala sa pagligtas mo sa ’kin…” aniya saka nag-angat ng paningin.

Tumitig ito sa kanya at lalo siyang nailang. Halos hindi niya kayang salubungin ang mga titig nito.

“Ayos lang ’yon, ginawa ko lang ang dapat.”

“Siguro kung… kung hindi ka dumating kanina… baka….” Nababasag na ang boses niya. Hindi niya napigilang mapaluha habang naaalala ang tila bangungot na pangyayari kanina.

Pinahid nito ang luha sa kanyang pisngi. Naramdaman ni Divina ang init mula sa kamay ng binata. It was gentle and warm. Halos nanunuot ito sa mga kalamnan niya. Bahagya siyang napaigtad.

"Huwag mo nang isipin ang mga bagay na 'yon. Ang mahalaga'y ligtas ka at walang masamang nangyari sa 'yo," masuyong sabi ni Lawrence.

"Maraming salamat talaga. Utang ko sa 'yo ang buhay ko. Hindi ko alam kung paano ako makakaganti sa 'yo pagkatapos ng ginawa mo para sa 'kin," naluluhang tugon niya.

Masuyo itong ngumiti habang nakatitig sa kanya. "Magpagaling ka na lang. Ano nga pala ang pangalan mo?" Inalis nito ang buhok na bahagyang nakatakip sa kanyang mukha.

"Divina. Divina Sandoval," sagot niya.

"Wala ka bang ibang kasama sa pagpunta mo rito sa isla?"

"Wala. Ako lang mag-isa."

"Maaari mo bang ikuwento sa 'kin ang mga nangyari kung bakit pinagtangkaan ka ng mga demonyo na 'yon?" tukoy nito sa dalawang lalaking miyembro ng sindikato.

Malinaw niyang ikinuwento rito ang mga nangyari bago pa man siya dinukot ng dalawang lalaki. Hindi rin niya napigilan ang sarili na muling mapaiyak.

“Naroon sa cellphone ko ang kopya ng mga litratong kinuha ko mula sa digital camera na kinuha nila mula sa ’kin,” dugtong niya. “Hindi ko lang alam kung saan nalaglag ang phone ko dahil wala na ’yun sa loob ng boots ko.”

“Huwag kang mag-alala, hindi nawala ang cellphone mo. Nakita ko ’yon kanina nang malaglag ito mula sa boots mo.”

Natuwa si Divina. Akala niya ay nawala na ang telepono niya. “Thank God, akala ko talaga naiwala ko na ’yon,” sabi niya.

“Kukunin ko ’yong mga pictures para gawing ebidensya laban sa mga taong nagtangka sa buhay mo,” pagbibigay-alam ng binata.

“A-ano’ng gagawin mo?”

“May kaibigan akong pulis, makakatulong siya sa atin tungkol sa kaso mo.”

“P-pero…” Muli siyang nakaramdam ng takot at pag-aalala.

"Huwag kang matakot, nandito ako para sa 'yo. Kahit ngayon lang tayo nagkakilala, hindi ko hahayaang may mangyaring masama sa 'yo," sinserong pahayag ni Lawrence.

Napangiti siya. "Maraming salamat. Kung wala ka, hindi ko alam kung ano na ang mangyayari sa 'kin."

"Huwag mo nang isipin 'yon. Magpagaling ka muna para manumbalik ang lakas mo," nakangiting saad nito. "Ikukuha muna kita ng pagkain para makapaghapunan ka na."

Pagkasabi niyon ay tumayo na si Lawrence at humakbang patungo sa pinto. Tahimik niya itong tinitigan habang nakatalikod ito papalabas ng silid.

He was quietly adorable and devilishly handsome. Buong akala ni Divina ay suplado ito at masama ang ugali. Hindi niya inaasahang napaka-gentleman pala nito.

---

Kinabukasan, muli silang nagkausap ni Anthony nang tumawag ito sa kanya. Ibinigay ni Lawrence sa kanya ang cellphone niya nang nakaraang gabi kaya muli niyang nakausap ang nobyo. Hindi lamang niya binanggit dito ang mga nangyari sa kanya.

“Gaano na kayo katagal ng nobyo mo?” tanong ni Lawrence nang magkasabay silang nananghalian sa balcony.

Saglit siyang natigilan at napatitig dito. Napansin niyang nakatingin ito sa engagement ring na nasa daliri niya.

“Ba’t mo naitanong?”

Nagkibit-balikat lamang ang kausap. “Bakit, masama bang malaman?”

“Hindi naman,” tugon ni Divina. She felt something strange deep inside her that she could hardly explain. At iyon ang dahilan kung bakit tila ayaw niyang pag-usapan ang tungkol sa kanila ni Anthony. Halos hindi rin siya makatitig dito.

“Do you love him, Vi?” tanong nito na lalong ikinabigla niya.

“W-what?” Narinig niya nang malinaw ang tanong, pero ang ginamit nitong palayaw sa kanya ang mas rumehistro sa kanyang isip.

“Do you love him?” ulit ni Lawrence. His eyes locked into hers, waiting for her reply.

“O-of course. I… I love him,” she stammered. *Damn it! Bakit ba ako nauutal?*

"Bakit hindi mo siya kasama rito sa isla?"

"He's in Dubai right now. May business conference kasi sila d'un ng boss niya," paliwanag ni Divina.

Tumango-tango lamang ito.

"Ikaw, nasaan ang girlfriend mo? I'm sure marami sila kung bibilangin, am I right?" aniya, may tipid na ngiti sa mga labi.

He gave a short laugh. Nilagok muna nito ang red wine sa baso saka muling tumitig sa kanya.

"Is that what you think?" he asked with a wry smile.

"Bakit? Mali ba ako?"

"Wala akong girlfriend. Isa pa, wala pa akong natatagpuang babae na mamahalin ko," seryosong sabi ng binata.

"Oh, is that so? Hindi halata sa personality mo."

Ngumiti ito. "Ba't mo naman nasabi?" tanong nito habang nakataas ang kilay.

"Wala lang. You're just too handsome para maging loveless," sagot ni Divina, ngunit ang mga mata ay nakatuon sa steak na hinihiwa niya sa kanyang plato.

"Maybe, kaso lagi akong iniiwan ng babae."

Bigla siyang nag-angat ng paningin. Bahagya siyang nabigla sa sinabi nito. "Really? How come? Baka naman sadista ka kaya ka iniiwan?"

Bahaw na tumawa ang binata. "Sa tingin mo ba gan'ung klase akong lalaki?"

Nagkibit-balikat lamang si Divina. Hindi niya alam kung maniniwala siya sa dahilan ng kausap o hindi. But it's none of her business. Wala naman siyang pakialam kung ano ang totoong dahilan ng binata kung bakit wala itong permanenteng relasyon. Ngayon lamang niya ito nakilala kaya wala siyang karapatan upang manghimasok sa buhay nito.

"Ikaw, ano ang gagawin mo kung malaman mong may ibang babae ang boyfriend mo, mapapatawad mo pa ba siya? Mamahalin mo pa rin ba siya gaya ng dati?"

Tumigil sa pagsubo ang dalaga. Parang tinamaan siya sa mga tanong nito. "Of course. Kung hihingi siya sa 'kin ng tawad at mangangakong hindi na niya ako lolokohin, bakit naman hindi? Tao lang tayo kaya lahat tayo ay nagkakamali. Hindi tayo nilikha na perpekto ng Diyos."

"Bakit, Vi? Minsan ka na ba niyang niloko?"

Muli siyang natigilan bago napakunot-noo. “Bakit mo naman naitanong? Minsan ka na rin bang nanloko ng babae?” balik niya sa mapanghamon na boses. Then, she felt a sudden discomfort as he moved closer to her.

“Dahil gusto ko lang malaman kung talagang mahal ka niya at hindi ka niya niloloko. And for once in my life I haven’t betrayed any girl I used to love,” matapat na sabi ni Lawrence.

“Really? And what made you ask if Anthony truly loves me? Why, do you think I am not deserving to be loved?” she asked with an anguish voice.

“Hindi ‘yon ang ibig kong sabihin, Vi. You’re too beautiful para lokohin ng isang lalaki. If I were your boyfriend, I will not let even a mosquito to touch you ’cause I don’t want to see you get hurt.”

“How could you say such a thing? Gayong ngayon lang tayo nagkakilala?”

Hindi sumagot si Lawrence, sa halip ay mataman lamang itong nakatingin sa kanya. Something in his eyes made her tremble inside. She could not explain what was it, but she could feel it. Pakiramdam ni Divina ay ginugulo nito ang puso’t isipan niya.

Hindi na niya tinapos ang pagkain. Uminom na

siya ng tubig saka nagpaalam na papasok na sa loob ng silid. Kapag nagtagal pa siya sa kinauupuan niya habang kasama ang lalaki ay baka magkaka-amnesia na siya.

Tumayo ang dalaga upang talikuran ang kausap, subalit nabigla siya nang hawakan siya nito sa kamay at hinila pabalik. Nawalan siya ng balanse at bumagsak siya sa kandungan nito.

Nanlaki ang mga mata ni Divina. Biglang nag-unahan sa pagtibok ang kanyang puso. Pakiramdam niya ay nakadikit sa livewire ang kanyang katawan at kinukuryente ang buo niyang kalamnan. Ang suot niyang mahabang long-sleeved shirt ay bahagyang tumaas hanggang sa puno ng kanyang mga hita, exposing her thighs.

"You've got a pair of perfect legs," halos pabulong nitong sabi habang hinagod ng tingin ang mga hita niya.

Biglang nag-init ang kanyang mga pisngi. Dali-dali siyang tumayo at mabilis na naglakad papasok sa loob. Pumasok siya sa kanyang silid at nag-lock ng pinto. Tila nanginginig ang mga tuhod niya. Dinama ni Divina ang kanyang dibdib, mabilis pa rin ang pagkabog niyon. Hindi niya maintindihan ang nararamdaman sa tuwing malapit sa kanya ang

binata.

*Oh, God! Ano ba itong nararamdaman ko?*

# 4

"Magandang hapon po, 'Day Divina!" bati sa kanya ng matandang lalaki na nadatnan niyang naglilinis sa kusina kinahapunan. Halata ang accent sa salita nito. Sa tingin niya ay kasama ito ni Lawrence sa bahay. Hindi pa niya ito nakikilala dahil ngayon lamang siya bumaba mula sa silid.

"Magandang hapon din po," magalang niyang ganti.

"May kailangan po ba kayo?" tanong nito.

"Iinom lang po sana ako ng tubig," sagot ng dalaga.

Ngumiti ito at naghugas muna ng kamay sa lababo bago kumuha ng water container mula sa refrigerator. Nagsalin ito ng tubig sa baso at ibinigay sa kanya.

"Salamat po," aniya nang tanggapin iyon.

"Siyanga pala, ako si Mang Usting. Katiwala ako dito sa bahay ni Dodong Lawrence. Kumusta ka na?" Ibinalik nito sa fridge ang lagayan ng tubig. Hindi muna nito itinuloy ang paglilinis sa kusina at

minabuting makipag-usap sa kanya.

"Maayos na po."

"Mabuti naman kung gan'un. Nag-alala kami ni 'Dong Lawrence sa 'yo n'ung hindi ka pa nagkakamalay," anito.

Ngumiti si Divina. "Maraming salamat po dahil hindi n'yo 'ko pinabayaan."

"Naku! 'Wag kang magpasalamat sa akin dahil hindi naman talaga ako ang nag-alaga sa 'yo kundi si Dodong Lawrence."

Bahagya siyang natigilan. "G-gan'un po ba?"

"Taga-Maynila ka raw sabi ng amo ko?"

Tumango lamang siya.

"Alam mo, taga-Maynila din siya. Pumunta lamang siya dito sa Camiguin noon upang magbakasyon hanggang sa nagustuhan niya ang pananatili dito kaya bumili siya ng lupa dito at saka nagpagawa ng bahay," salaysay ng matanda.

"Eh, 'yong mga magulang po niya, nasaan?"

"Nasa Maynila sila. Pumupunta lamang sila dito upang magbakasyon habang binibisita si Dodong Lawrence."

“May kapatid po ba si Lawrence?”

“Sa pagkakaalam ko dalawa lamang silang magkapatid. Pero hindi ko pa nakikita ’yon dahil hindi pa siya nakakapunta dito,” pagbibigay-alam nito.

“Bakit? Gaano na ba katagal na nanirahan dito si Lawrence?”

“Mahigit anim na taon na.”

Tumango-tango lamang si Divina.

“Eh, ikaw. ’Day, hindi mo ba kasama ang mga magulang mo dito sa isla?”

“Ulila na po ako, Mang Usting,” malungkot niyang sabi.

“Naku! Patawad, ’Day,” hinging-paumanhin ng kausap.

Malungkot niya itong nginitian. “Ayos lang po, Mang Usting, ’tsaka matagal ko nang tanggap na wala na sila.”

“Gaano na ba katagal na namatay ang mga magulang mo?”

“Limang taon na po.”

Nakaramdam ng awa sa kanya ang matanda.

"Bakit? Ano ba ang ikinamatay ng mga magulang mo?"

"Car accident. Nabundol ng ten-wheeler truck ang kotseng sinasakyan nila kaya sila naaksidente," malungkot niyang imporma.

"Kung gan'un, sino ang kasama mo nang mawala ang mama't papa mo?"

"May best friend ako na lagi kong karamay sa lahat ng oras. Hindi niya 'ko iniwan noong mga panahong depressed ako."

"Wala ka bang kapatid o kamag-anak?"

"Kamag-anak meron, pero wala akong kapatid. Nag-iisang anak lang ako ng mommy't daddy ko. Hindi ko rin kasundo ang tiyahin ko kaya mas pinili ko na mamuhay mag-isa kaysa kasama siya at ang pamilya niya."

"Hindi ka ba nahirapan?"

"Nahirapan din po pero kailangan, eh, kung gusto ko ng tahimik na buhay."

"Kunsabagay, mas mainam pa rin kung hindi ka nakadepende sa iba," sang-ayon ng kausap.

Saglit na hindi sila nag-imikan.

"Siyanga pala, Mang Usting, hindi ko po napansin si Lawrence," basag ni Divina sa katahimikan. "Nasaan po ba siya?"

"Pumunta siya sa bayan, may bibilhin daw kasama si Gloria."

Kumunot ang noo niya. "Gloria? S-sino po siya?"

"Kaibigan ni Dodong Lawrence," maiksing sagot ng matanda.

"Ah…" aniya. Ngunit tila biglang bumigat ang loob niya nang malamang may kaibigang babae ang lalaki.

*God, Divina, nababaliw ka na ba?* sigaw ng kanyang isipan.

"S-sige po, Mang Usting, babalik na lang po ako sa silid ko," paalam niya.

"Teka, hindi ka magmemerienda? May niluluto akong ginataan baka gusto mong kumain?" sabi nito.

"Busog pa po kasi ako. Mayamaya na lang po."

"Sige, ikaw ang bahala. Basta't kung may kailangan ka'y sabihin mo lang sa 'kin, dahil utos ni Dodong Lawrence na ibigay ko raw sa 'yo ang lahat ng kailangan mo."

"Marami pong salamat."

---

Dumidilim na nang marinig ni Divina na may kumakatok sa pinto ng silid habang nakahiga siya sa kama at ka-text si Sally.

Bumangon siya at binuksan ang pinto. Bahagya pa siyang nagulat nang bumungad sa kanya ang anyo ni Lawrence na nakatayo sa labas. Guwapong-guwapo ito sa suot na puting polo at maong na pantalon. Nakarolyo ang sleeves nito hanggang siko. Hindi nakakabit ang ilang butones ng lalaki sa bahagi ng dibdib. Halos nakikita niya ang pinong balahibo sa matipunong dibdib nito.

Bumilis ang kabog ng kanyang dibdib. Hindi na niya maintindihan ang sarili kung bakit tila natataranta ang puso niya sa tuwing kaharap ang binata.

"Puwede bang pumasok?" tanong nito sa malalim na boses.

Nilakihan niya ng bukas ang pinto upang makapasok ito sa loob pagkatapos ay isinara iyon at humakbang siya pabalik sa kama. May bitbit na paper bags ang kausap. Inilapag nito ang mga iyon sa ibabaw ng kama at umupo malapit sa kanya.

"May pinamili akong mga damit para may maisuot ka habang nandirito ka. Masyado ka kasing seductive tingnan sa mga long-sleeves ko na sinusuot mo."

"Pero may mga damit naman ako sa hotel…"

"Hindi ka pa puwedeng bumalik sa hotel dahil masyado pang delikado para sa 'yo. Siguradong hinahanap ka pa ng mga taong may tangka sa 'yo lalo na't hindi ka nila natagpuang patay."

"P-pero nakuha na nila ang camera, ano pa ba ang kailangan nila sa 'kin?"

"Dahil nais nilang masiguro na walang ibang nakakaalam ng tungkol sa kaso."

"Pero hindi naman nila ako kilala, di ba? Isa pa, patay na 'yong dalawang lalaki na dumukot sa 'kin," katuwiran niya.

"Hindi pa rin tayo nakasisiguro na hindi ka nila namumukhaan. Isa pa, hindi sila basta-basta kalaban."

Napatitig siya kay Lawrence. "Why? Do you know them?"

"Matagal na."

“S-sino sila?” tanong niya. Mahihimigan sa kanyang boses ang umaahong takot.

“Mga taong halang ang kaluluwa,” sagot nito.

Lalong tumindi ang takot ni Divina sa mga taong may tangka sa buhay niya. Hindi na niya napigilan ang sarili na mapaiyak. Ano ang gagawin niya? Paano siya makakatakas mula sa mga ito?

Umusod sa tabi niya si Lawrence at masuyo siyang niyakap nang mahigpit. “Huwag kang mag-alala, Vi, hindi kita pababayaan.”

“Natatakot ako, Lawrence. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin,” umiiyak na sabi niya.

“Ako ang bahala sa ’yo. Walang mangyayaring masama sa ’yo habang nandito ka sa tabi ko. Ipinapangako ko sa ’yo ’yan,” sinserong saad ng binata. Sinapo ng dalawang palad nito ang kanyang mukha at tumitig sa kanya.

“Pero paano kung mapahamak ka nang dahil sa ’kin?”

“It doesn’t matter, ang mahalaga’y walang mangyayaring masama sa ’yo.”

“Salamat…” aniya saka yumakap dito nang mahigpit.

Pakiramdam ng dalaga ay safe na safe siya sa piling nito. Sa tanang buhay niya ay ngayon lamang siya nakaramdam ng security sa piling ng isang lalaki. Even with Anthony, she hadn't felt such a thing since they were together.

Kumalas si Divina ng yakap sa binata nang may kumatok sa pinto ng silid.

"Renz, nandiyan ka ba?" anang boses ng isang babae.

"Wait for me downstairs, Gloria, I'll be right behind you," sabi ni Lawrence sa babae na nasa labas ng pinto.

Parang lobong tinusok ng karayom ang puso ni Divina nang malamang nandirito sa bahay ng lalaki ang kaibigan nitong sinasabi ni Mang Usting.

"Sige, maiwan muna kita para masukat mo 'yang mga pinamili ko para sa 'yo. Pagkatapos ay bumaba ka, may ipapakilala ako sa 'yo," nakangiting sabi nito.

*Di bale na lang,* nais niya sanang sabihin. Tipid siyang ngumiti. "S-sige."

"Basta huwag ka nang masyadong mag-aalala, okay?"

Tumango lamang si Divina. Tumayo na ang

binata at lumabas ng silid. Humugot siya ng malalim na hininga. Sinimulan niyang isukat ang mga damit na nasa loob ng paper bag. Namangha pa siya nang makitang sukat na sukat sa kanya ang lahat na damit. Biglang nag-init ang kanyang mga pisngi nang makitang may mga kasama pang mga underwear sa mga pinamili ng binata.

She could not believe that he had exactly chosen her favorite color. She put on her new lacy lavender brassiere and panties. She stood in front of the mirror attached on the closet's door.

*It was a perfect fit!* Tipid siyang napangiti. Pagkatapos ay isinuot niya ang puting minidress na may malalim na cleavage.  May dalawang pulgada ang iksi niyon mula sa kanyang tuhod at pure cotton ang tela.

Isinuot din niya ang brown two-inch slip-ons na binili rin ng binata. Nagsuklay muna siya ng buhok saka lumabas ng silid.

---

Sa sala ay nadatnan niya si Lawrence kasama ang babaeng tila linta kung makadikit dito. Biglang nakaramdam si Divina ng inis para sa babae. Tumigil sa pagkukuwentuhan ang dalawa nang mapansin ni

Lawrence ang presence niya. Kaagad itong tumayo at lumapit sa kanya. Malawak ang mga ngiti nito habang hinawakan siya sa braso at maingat na hinila papalapit sa babaeng bahagyang nakataas ang isang kilay nang makita siya.

"You looked beautiful…" bulong nito sa kanyang tainga.

She smiled sweetly. "Thank you," mahinang sabi ni Divina.

Nakalapit na sila sa babaeng mukhang mataray. "Gloria, I'd like you to meet Divina. Vi, this is my friend, Gloria," he introduced the two women.

"Pleased to meet you, Gloria," she said as she extended her hand toward Lawrence's friend.

Tinanggap nito ang kamay niya. "Me too," sabi nito kasabay ng tipid na ngiti. Ngunit nararamdaman niya ang pagkadisgusto nito sa kanya.

"Sige, it is much better kung maiwan ko muna kayo sandali para lalo kayong magkakilala. Pupuntahan ko muna si Mang Usting para matingnan kung nakahanda na ang hapunan natin," ani Lawrence at tumalikod na ito.

"So how'd you meet my Lawrence?" mataray na

tanong ni Gloria nang makalayo ang lalaki.

*My Lawrence?* The words echoed in her mind. Lalong tumindi ang nararamdaman niyang inis dito.

“He saved me,” maiksing sagot ni Divina.

Napakunot-noo ito. “What?”

“Hindi ko alam na mahina pala ang pandinig mo.”

Biglang nagsalubong ang mga kilay ng babae. “Excuse me? Do you think I’m deaf?”

Nginitian lamang niya ito.

“How dare you!” nanggagalaiti nitong sabi. Halos lumuwa ang mga mata nito sa galit.

Tumikhim siya. “Gloria, I know you dislike me. I can feel it. But I can not find a reason why you find me disgusting.”

“Dahil ayokong nandito ka sa bahay ni Lawrence,” mahina ngunit tiim-bagang na tugon nito.

“Pasensya ka na kung masama ang loob mo sa pananatili ko rito sa bahay ni Lawrence. Huwag kang mag-alala, aalis din naman ako rito,” sabi niya sa mahinahong boses.

"And when would that be?"

"Why not ask Lawrence?"

"Why should I? Hawak ba niya ang katawan mo?"

"Hindi naman. Isa pa, ayokong ako ang magsasabi sa 'yo ng dahilan kung bakit kailangan ko munang manatili rito. Isa pa, puwede mo namang tanungin si Lawrence kung gusto mo talagang malaman ang dahilan tutal *friends* naman kayo, di ba?"

Magsasalita pa sana si Gloria nang sumulpot ang lalaking pinag-uusapan nila.

"Girls, dinner is ready," anunsyo nito.

Mabilis na tumayo si Gloria at kaagad na pumulupot sa braso ng binata.

"So, have you two known each other already?" tanong nito sa kanilang dalawa.

"Yes. In fact, *napakabait* pala nitong bago mong kaibigan, Renz," kunwa'y sabi ni Gloria.

"Yeah. I told you," nakangiting sabi nito. "So shall we?" Niyaya na sila nito na pumunta sa komedor.

"Sige, susunod ako," ani Divina. Ayaw niyang sumabay rito dahil nakairap sa kanya ang babae.

"Come," nakangiting sabi ni Lawrence at hinawakan ang kamay niya. Nabigla man ay nagpatianod na lamang siya. Nakita niya ang pagsimangot ni Gloria. Hindi napapansin ng lalaki ang kaibigan dahil sa kanya nakatutok ang atensyon nito.

---

Habang kumakain, napapansin niya ang panay na pakikipag-flirt ni Gloria kay Lawrence. Nais niyang matawa o mainis sa babae. Para kasi itong kasintahan na natatakot na agawan niya ng nobyo.

"Vi, try this patatim," alok ng binata sa kanya. Ito na ang naglagay ng ulam sa plato niya.

Sinulyapan niya si Gloria. Lalong nagsalubong ang mga kilay nito habang nakatingin sa kanya. Ngunit sa tuwing nakatingin dito si Lawrence ay biglang aliwalas naman ang mukha nito.

"So, Renz, how long will she stay here?" tanong nito.

"Until she's safe to show up," sagot ng kanyang tagapagligtas.

Kumunot ang noo nito. "What do you mean?"

"It's not yet the right time, Glo. Don't worry, I'll

tell you everything but not yet today," pangako ni Lawrence.

"But why not now?" pangungulit ni Gloria.

"Just wait, okay?"

Hindi na muling nangulit pa ang babae. Galit itong umirap kay Divina. Sa pagkain na lamang niya itinuon ang pansin. Pinili niyang manahimik at huwag nang makisali sa conversation ng dalawa.

"Engaged ka na pala," sabi ng babae sa kanya nang mapansin ang singsing sa daliri niya.

"Oo," ani Divina nang mag-angat siya ng paningin dito.

"So, alam ba ng boyfriend mo na nandito ka?"

Napatingin siya kay Lawrence. Nakatitig ito sa kanya habang ngumunguya ng pagkain. Bigla tuloy siyang nailang.

Uminom muna siya ng tubig bago sumagot. "Hindi."

"What? Paano kung malaman ng boyfriend mo na dito ka tumutuloy sa bahay ni Lawrence? I'm sure malaking gulo ang mangyayari kapag nagkataon."

"Ano naman ang masama kung nandito siya sa

bahay ko? May problema ba tungkol d'un?" sabad ng binata.

"O-of course none. A-ang sa akin lang naman baka magalit ang boyfriend niya kapag—"

"He will not know. At kung sakaling malaman niya, so what?" depensa nito para sa kanya.

Napahiya si Gloria. Hindi na ito muling nagsalita pa. Tinapunan siya nito ng masamang tingin bago itinuon ang pansin sa pagkain.